Mga Kagawaran ng Lungsod ng Long Beach

ABOGADO NG LUNGSOD

Ang Abogado ng Lungsod, bilang pinunong tagapayong legal sa Lungsod, ay nagbibigay ng payo sa Konseho ng Lungsod, Mga Komisyon at Komite ng Lungsod, at sa mga opisyal at empleyado ng Lungsod.

TAGASURI NG LUNGSOD

Ang Tagasuri ng Lungsod ay nagsusuri ng mga pinansyal na statement ng Lungsod upang tumulong na siguraduhing sila ay ligtas sa mga materyal na di-kawastuhan o pagkakamali alinsunod sa mga alituntunin ng accounting.

KLERK NG LUNGSOD

Kabilang sa mga tungkulin ng Klerk ng Lungsod ay ang magbigay ng suporta sa pagpupulong at administrasyon sa Konseho ng Lungsod ng Long Beach, sa iba't ibang komite at komisyon.

MANAGER NG LUNGSOD

Bilang pinunong opisyal na pang-administratibo ng Lungsod, ang Manager ng Lungsod ay direktang responsable sa mabisang administrasyon ng lahat ng kagawarang pang-gobyerno ng Lungsod, maliban sa mga elektibong opisina at mga kagawarang may semi na autonomiyang kontrolado ng komisyon.

PISKAL NG LUNGSOD

Ang Piskal ng Lungsod ay umuusig sa lahat ng mga kasong kriminal na nagmumula sa mga maliliit na kasalanang paglabag sa mga ordinansa ng Lungsod o mga batas ng Estado.

SERBISYO SIBIL

Ang Kagawaran ng Serbisyo Sibil ay tumutulong na iproseso ang pagrerecruit, pagsusuri at paglalagay ng mga taong pinakakwalipikado at pinaka may-kakayahang gawin ang mga trabaho sa Lungsod.

MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ay responsable sa pagpaplano at pagtingin sa pisikal na pag-unlad at muling pagbuhay sa Lungsod.

Mga Kagawaran ng Lungsod ng Long Beach

KAHANDAAN SA SAKUNA AT MGA KOMUNIKASYON SA ORAS NG EMERGENCY

Ang Kagawaran ng Kahandaan sa Sakuna at mga Komunikasyon sa Oras ng Emergency ay pinag-iisa ang direksyon at suporta sa pagpaplano, koordinasyon at pamamahala ng kahandaan sa sakuna, pagpapagaan, pagtugon at pagbangon, pati na ang pagprotekta sa mga buhay at ari-arian sa pamamagitan ng mga epektibong komunikasyon habang pinapanatili ang kaligtasan ng mga paunang tagatugon.

EKONOMIKONG PAG-UNLAD

Ang aming Kagawaran ng Ekonomikong Pag-unlad ay binubuo ng mga eksperto sa real estate at pananalapi upang gabayan ang mga negosyo sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng mga available na serbisyo.

PINANSYAL NA PAMAMAHALA

Ang Kagawaran ng Pinansyal na Pamamahala ang nangangasiwa ng mga pinansyal na gawain ng Lungsod at nagsisilbing pangunahing pinansyal na tagapayo sa Manager ng Lungsod.

KAGAWARAN NG SUNOG

Bukod sa pagsugpo ng mga sunog, ang Kagawaran ng Sunog ng Long Beach ay pinapabuti ang kahandaan ng komunidad sa iba't ibang uri ng serbisyo kasama ang mga klase sa kahandaan sa sakuna.

KAGAWARAN NG DAUNGAN

Sa ilalim ng direksyon ng Kapulungan ng mga Komisyoner ng Daungan ng Long Beach, ang Kagawaran ng Daungan ay responsable sa pamamahala, pagtataguyod, at pagpapaunlad ng Daungan ng Long Beach.

MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO

Misyon: Mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga mamamayan ng Long Beach sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangangailangan ng pampublikong kalusugan at pantao na sinisigurong ang mga kondisyong nakaaapekto sa kalusugan ng publiko ay nakapagbibigay ng isang malusog na kapaligiran kung saan maaaring tumira, magtrabaho at maglaro.

Mga Kagawaran ng Lungsod ng Long Beach

MGA HUMAN RESOURCE

Sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan sa buong lungsod, ang Kagawaran ng Human Resource ay tumutulong sa ibang kagawaran ng Lungsod na kumuha, bumuo at magpanatili ng mga empleyadong may mataas na kalidad.

MGA SERBISYO NG AKLATAN

Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay nagbibigay ng isang matatag na sistema ng pampublikong aklatan sa buong Lungsod.

PALIPARAN NG LONG BEACH (LGB)

Ang Paliparan ng Long Beach ay naglilingkod sa halos tatlong milyong pasahero ng komersyal na kompanya ng eroplano taun-taon, na nagbibigay ng mga direktang flight sa buong Estados Unidos sa pamamagitan ng mga madaling lokal at internasyonal koneksyon.

GASOLINA AT LANGIS NG LONG BEACH

Ang Kagawaran ng Gasolina at Langis ng Long Beach ay isang kagamitan ng munisipal na pag-aari at pinapatakbo ng Lungsod ng Long Beach. Ang Kawanihan ng mga Ari-arian ng Langis ay responsable sa mga control measure sa subsidence sa pamamagitan ng araw-araw na pagturok ng higit sa 45 milyong galong tubig sa mga lugar kung saan kinukuha ang langis upang maayos na mapanatili ang mga surface elevation.

TRANSIT NG LONG BEACH

Ang Transit ng Long Beach ay dadalhin ka kahit saan mo gusto sa Long Beach, Lakewood at Signal Hill. Ang 34 ruta ng bus at halos 2000 tigilan ng bus ay nagbibigay ng mabilis at maaasahang serbisyo.

ALKALDE AT KONSEHO NG LUNGSOD

Mayroong siyam na nahalal na miyembro ng konseho na binoto ng mga botante ng kanilang distrito at isang nahalal na alkalde sa buong lungsod.

MGA PARKE, LIBANGAN AT MARINE

Mga Kagawaran ng Lungsod ng Long Beach

Mula sa mga parke ng komunidad hanggang sa mga pantubig na pasilidad, pangangalaga ng hayop at mga klaseng may kontrata, ang Kagawaran ng mga Parke, Libangan at Marine ay nagbibigay ng maraming serbisyo.

KAGAWARAN NG PULISYA

Kasama ang pangangalaga sa pangkalahatang komunidad ng Long Beach, ang Kagawaran ng Pulisya ay may iba't ibang uri ng programa sa pag-iwas sa krimen at pagtulong sa pamilya.

MGA GAWAING-BAYAN

Ang Kagawaran ng Gawaing-bayan ay binubuo ng limang kawanihang nakatuon sa paghahatid ng mga serbisyo sa komunidad.

TEKNOLOHIYA AT PAGBABAGO

Ang Teknolohiya at Pagbabago ay nagbibigay ng iba't ibang uri ng mga internal na serbisyo sa pagsuporta sa ibang kagawaran ng Lungsod.

KAGAWARAN NG PATUBIG

Upang patuloy na paunlarin at maghatid ng maaasahan at maraming suplay ng tubig, ang paghigit sa lahat ng naaangkop na pamantayan ay ang layunin ng Kagawaran ng Patubig ng Long Beach.